



Pagtaas ng singil ng serbisyo sa koleksyon

LALAGYAN	KASALUKUYANG SINGIL	BAGONG SINGIL
32-gallon	\$47.62	\$50.56
64-gallon	\$77.25	\$82.02
96-gallon	\$106.80	\$113.49

Tataas ang singil sa serbisyo ng Recology simula Enero 1, 2026 para sa mga residensyal na mga kostumer.

Ang buwanang singil ay batay sa laki ng kulay abong lalagyan ng landfill. Kasama sa rate ang lingguhang pagkolekta ng mga asul na cart para sa nire-recycle at berdeng cart para sa mga organic.

Mangyaring kontakin ang Serbisyo sa Kostumer kung mayroon kang mga katanungan.

RECYCLING RESOLUSYON

Panatilihing malinis at tuyo ang mga aytem sa **asul** na lalagyan

Maghanda para sa bagong taon sa pamamagitan ng pagpapasiya nang tamang pag-recycle.

Maglagay ng malinis na papel at cardboard (kabilang ang mga karton), mga metal na lata at foil, mga bote at garapon na gawa sa salamin, at karamihan sa mga matigas na plastik sa asul na kariton. Ang pag-recycle ng mga bagay na ito ay nakakatipid ng mahahalagang likas na yaman, tulad ng mga puno at tubig, habang nagbibigay ng mga materyales para sa mga bagong produkto.

Ang mga hindi nare-recycle — tulad ng mga plastik na film, mga tasa ng kape, at maruming papel — na itinaon sa asul na kariton ay maaaring makagambala sa proseso ng pag-uuri at ang “wish-cycling”

ay nagpapahirap sa pagbawi ng mga materyales para sa muling paggawa.

Mahalagang panatilihin na walang laman, malinis, at tuyo ang mga aytem sa asul na kariton. Siguraduhing alisan ng laman ang lahat ng likido mula sa mga lalagyan at linisin ang mga bote at garapon ng sobrang natirang pagkain.

Kung hindi ka sigurado kung saan napupunta ang isang aytem, subukang hanapin ito sa whatbin.com.

MAG-COMPOST



TAMBAKAN NG BASURA



LIBRE!

MGA PAG-PICKUP NG MALAKING AYTEM



Kung mayroon kang malalaki at sirang mga kagamitan o maraming basurang nakatambak sa buong taon, maaari kang mag-ayos ng hanggang apat na libreng mga Pagkuha ng Malalaking Aytem taun-taon, at kukunin namin ang iyong mga aytem sa gilid ng kalsada.

Ang isang isang pamilyang residensiya na Pag-pickup sa Malaking Aytem ay katumbas ng 2 cubic yards (3ft x 3ft x

6ft): humigit-kumulang 12, 32-gallon na bag ng basura at 3 malalaking bagay, tulad ng mga muwebles, kutson, o refrigerator. May mga singil sa pagtanggag ng Freon.

Mag-iskedyul ng pagkolekta sa pamamagitan ng pagtawag sa **707.552.3110** o pag-email sa vallejocustomerservice@recology.com.

LIGTAS NA ITAPON ANG MGA MAPANGANIB NA BASURA

Ang ilang pang-araw-araw na mga aytem ay maaaring magdulot ng malubhang problema kung mapupunta ang mga ito sa iyong mga lalagyan sa gilid ng kalsada ng Recology.

Ang mga baterya, langis ng pagluluto o motor, pintura, antifreeze, elektronikong basura, mga gamot, fluorescent na bumbilya, matatalim na bagay, at mga tangke ng propane ay kapakinabang, ngunit itinaturing na mapanganib na basura kapag tapos na ang kanilang kapakinabangan. Ang mga materyales na ito ay nangangailangan ng espesyal na paghawak dahil maaari nilang ilagay sa panganib ang ating mga manggagawa, ang ating kagamitan, at ang ating kapaligiran.

BAKIT ITO MAHALAGA?

→ Ang mga baterya at elektronikong kagamitan ay maaaring mag-spark o mag-short circuit, na maaaring magdulot ng sunog sa loob ng mga trak at pasilidad ng koleksyon.

→ Maraming mapanganib na mga aytem ang naglalaman ng mga nakalalasong kemikal na maaaring tumagas sa daluyan ng basura, na magpaparumi sa lupa, tubig, at hangin kung hindi ito mahawakan nang tama.

→ Ang wastong pagtatapon ay hindi lamang nagpoprotekta sa ating pangkat kundi pati na rin sa ating mga komunidad at lokal na ecosystem.


ANG MAGANDANG BALITA:

Kapag ang mga aytem na ito ay dinadala sa mga aprubadong drop-off site o recycling center, maaari itong pangasiwaan nang ligtas at kadalasan ay muling magamit o ma-repurpose. Ang kaunting karagdagan mga hakbang mula sa ating lahat ay malaki ang maitutulong sa pagpapanatiling ligtas ng ating mga operasyon at upang maging malusog ang ating kapaligiran.



SA ALAALA NG


Magalang naming ipinapaabot ang aming pakikiramay sa mga pamilya at kaibigan ng mga dating empleyado at may-ari ng Recology Vallejo na kamakailan lamang ay pumanaw.




ROBERT BASICH
sorter
15 taon ng serbisyo



REGINALD DUDLEY
mekaniko
21 taon na serbisyo



BRYAN MONROE
drayber
29 taon na serbisyo



DOUG WALKER
drayber, welder
28 taon na serbisyo

BAWAS NA BASURA

Ang kapangyarihan ng pag-iwas

Ang pag-recycle at pag-compost ay magagandang paraan upang maiwasan ang pagtatapon ng mga materyales sa mga landfill, ngunit ang pinakamabisang paraan upang mabawasan ang basura ay ang pagpigil sa paglikha nito.

Subukan ang mga simpleng gawi na ito upang mabawasan ang dami ng basurang nalilikha mo:

- **Palitan ang isahang-paggamit para sa muling magagamit.** Palitan ang mga plastik na bag, mga gamit sa pagkain, straw, tasa, at mga plato ng matibay at puwedeng labhan na mga alternatibo, tulad ng mga canvas tote, metal straw, at mga travel mug.
- **Bumili ng maramihan.** Mag-stock ng mga mahahalagang bagay upang mabawasan ang labis na pagsasapakete.

- **Pumili ng hiwa-hiwalay na produkto.** Huwag nang bumili ng mga prutas at gulay na nakabalot sa plastik at pumili na lang ng mga opsyon na hindi nakabalot na produkto.
 - **Mamili ng segunda-mano.** Bigyan ng bagong buhay ang mga pre-loved na aytem habang nakakatipid ng pera at binabawasan ang demand para sa mga bagong produkto.
 - **Huwag nang gumamit ng papel.** Piliin ang digital billing at mga statement hangga't maaari.
 - **Kumpunihin bago palitan.** Ayusin ang mga muwebles, damit, o maliliit na appliance sa halip na itapon ang mga ito.
- Ang maliliit na pagbabago ay nagdaragdag ng halaga — ang bawat hakbang ay nakakatuong na mapagaan ang iyong bakas sa kapaligiran.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN!

Se Habla Español
Nagsasalita kami ng Tagalog

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM
recology.com/vallejo
facebook.com/recologyvallejoamericancanyon